

Advisory No. 200, s. 2019

November 18, 2019

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PANDAIGDIGANG SEMINAR-WORKSYAP NG ST. JOSEPH SCHOOL NG NAGA

Ang *St. Joseph School* ng Naga ay magsasagawa ng Pandaigdigang Seminar-Worksyap na may temang, Metakritika't Pagtataya sa mga Layunin, Nilalaman at Gawain ng *Curriculum Guide* mula Kindergarten hanggang ika-12 Baitang: Pagbubuo at Pagdidisenyo ng mga KP sa Konteksto ng GLOKALisasyon at ang Hamon sa mga Pamantasan sa Ngayon, mula ika-29 ng Abril hanggang ika-2 ng Mayo 2020 sa USI Auditorium, Lungsod ng Naga.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. naibabahagi ang tampok ng *Curriculum Guide (CG)* ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) mula *Grades 1-12* sa danas at lente bilang manunulat at konsultant ng aklat;
2. naipapaliwanag ang layunin, nilalaman at Gawain sa *CG* mula *Grades 1-12* ng Kagawaran na dapat maituro sa mga mag-aaral na tapos ng K to 12;
3. nakakabalangkas ng mga kagamitang panturong nakaangkla at nakasandig sa *CG* ng Kagawaran mula *Grades 1-12* salig sa konteksto ng glocalisasyon;
4. nakakabuo ng mga kagamitang panturong batay sa *CG* ng Kagawaran mula *Grades 1-12*;
5. nagkakaroon ng metakritika at pagtataya sa mga tiyak na pamantayan (rubriks); at
6. natatalakay ang kasalukuyang estado ng disiplinang Filipino sa mga pamantasan at gradwadong paaralan.

Ang maaaring lumahok ay mga guro sa antas ng elementarya, *junior high school*, at *senior high school* mula sa pampubliko at pamribadong paaralan.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pamribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Ang maagang rehistrasyon ay nakatakda sa ika-31 ng Disyembre 2019.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

Dr. Vasil A. Victoria
Tagaorganisa ng Gawain, St. Joseph School
Panganiban Drive, Naga City, Camarines Sur
Telepono: (054) 8871-4103
Telefax: (054) 8881-3571
Mobile: 0939-904-2269
Email: b_bical@yahoo.com